

PREPASYO NG MGA APOSTOL

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre: Te, Dómine, suppliciter exoräre, ut gregem tuum, Pastor ætérne, non déseras:

Sed per beátos Apóstolos tuos, continúa protectióne custódias: Ut ísdem rectóribus gubernétur, quos óperis tui vicários eidem contulísti præses pastóres.

Et ídeo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatió nibus, cumque omni milítia cæléstis exércitus, hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Mt 19:28

VOS qui secúti estis me, sedébitis super sedes, iudicántes duódecim tribus Israël.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PRÆSTA, quæsumus, omnípotens Deus: ut per hæc sancta, quæ súmpsimus, interveniénte beáto Matthía Apóstolo tuo, véniam consequámur et pacem. Per Dóminum.

Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali: Hinihiling namin, O Pastol na walang hanggan, upang huwag pabayaang ang iyong kawan.

Sa mga banal na Apostol, lagi mo itong pangalagaan at ipagtanggol: nawa'y kalingain at pamunuan ng mga pinuno ng banal Mong Simbahan ang iyong kawan, nang maipagpatuloy nila ang gawain ng mga Apostol.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

KAYONG mga sumunod sa akin ay uupo rin sa labindalawang trono na naghuhukom sa labindalawang lipi ng Israel.

ISINASAMO namin, O Dios na makapangyarihan: upang sa pagtanggap namin ng mga banal na bagay na ito, pakundangan kay San Matias na Iyong Apostol, nawa'y ipagkamit sa amin ang kapatawaran at kapayapaan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Pebrero 24

SAN MATIAS Apostol

Misa "Mihi autem"
II cl. • Doble II cl. • Pula

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 138:17

MIHI autem nimis honoráti sunt amíci tui, Deus: nimis confortátus est principatus eórum. — *Ps 138:1-2* Dómine, probásti me et cognovísti me: tu cognovísti sessiónem meam et resurrectiõem meam. *V.* Gloria Patri. Mihi autem.

PARA SA AKIN, ang Iyong mga kaibigan, O Dios, ay talagang sukdol kagalang-galang; ang kanilang pamumuno'y lalo pang pinagtibay. — *Salmo 138:1-2* Panginoon, siniyasat mo ako at nakilala mo ako. Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Para sa akin...

• *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui beátum Matthíam Apostolórum tuórum collégio sociásti: tríbue, quaesumus; ut, ejus interventiõe, tuæ circa nos pietátis semper víscera sentiámus. Per Dóminum.

O DIOS hinirang Mo na mapabilang sa kalipunan ng mga apostol si San Matias: ipagkaloob Mo, pakundangan sa kaniyang pamamagitan, nawa'y lagi naming mabatid ang malalim Mong pag-ibig para sa amin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Kung matapat ng Cuaresma, may paggunita na nauukol dito.

PAGBASA • Gw 1:15-26

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Tumindig si Pedro sa gitna ng mga kapatid at nagsabi at nagkakatipon ang maraming tao, na may isandaan at dalawampu, "Mga kapatid, kailangang matupad ang sinasabi sa Kasulatan na ipinahayag ng Espiritu Santo sa pamamagitan ni David tungkol kay Judas na nanguna sa mga dumakip kay Jesus. Si Judas ay kabilang sa amin at naging kasama namin sa paglilingkod." Ang kabayaran sa kanyang pagtataksil ay ibinili niya ng lupa.

Doon siya nahulog nang patiwarik at sumabog ang kanyang tiyan at lumabas ang kanyang bituka. Nabalita iyon sa buong Jerusalem, kaya nga't ang lupang iyon ay tinawag na Akeldama sa kanilang wika, na ang kahulugan ay Bukid ng Dugo. Sinabi pa ni Pedro, "Nasusulat sa Aklat ng mga Awit, 'Ang tirahan niya'y tuluyang layuan, at buwag nang tirhan ninuman.' Nasusulat din, 'Gampanan ng iba ang kanyang tungkulin.' Kaya't dapat pumili ng isang makakasama namin bilang saksi sa muling pagkabuhay ni Jesus. Kailangang siya'y isa sa mga kasa-kasama namin sa buong panahong kasama kami ng Panginoong Jesus, mula nang bautismuhan ni Juan si Jesus hanggang sa siya ay iniakyat sa langit." Kaya't iminungkahi nila ang dalawang lalaki, si Matias at si Jose na tinatawag na Barsabas, na kilala rin sa pangalang Justo. Pagkatapos, sila'y nanalangin, "Panginoon, alam ninyo kung ano ang nasa puso ng lahat ng tao. Ipakita po ninyo sa amin kung sino sa dalawang ito ang inyong pinili upang maglingkod bilang apostol kapalit ni Judas na tumalikod sa kanyang tungkulin nang siya'y pumunta sa lugar na nararapat sa kanya." Nagpalabunutan sila at si Matias ang napili. Kaya't siya ay idinagdag sa labing-isang apostol. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 44:17-18; Ps 32:1

CONSTITUES eos príncipes super omnem terram : mémoires erunt nóminis tui, Dómine.
V. Pro pátribus tuis nati sunt tibi filii : propterea pópuli confítebúntur tibi.

Allelúia, alleluia. *V.* Gaudéte, justi, in Dómino : rectos decet collaudátio. **Allelúia.**

HINIRANG Mo silang mga tagapangasiwa sa buong sandaigdigan: at lagi nilang maalala ang Iyong ngalan, Poong Mahal.
V. Sa halip ng iyong mga magulang ay ang iyong mga anak, gagawin mo silang mga pinuno sa buong lupa.

Aleluya. *V.* Magalak kayo sa Poon, kayong mga matuwid! Marapat ang papuri mula sa mga may mabuting kalooban! **Aleluya.**

Sa mga Misa Votiva makalipas ang Septuagesima at buong panahon ng Kwaresma, ang Aleluya ay papalitan ng sumusunod:

TRACTO • Ps 20:3-4

DESIDERIUM ánimæ eius tribuísti ei: et voluntate labiórum eius non fraudásti eum.
V. Quóniam prævenísti eum in benedictiónibus dulcédinis.

IBINIGAY Mo ang hangad ng kaniyang kaluluwa, at hindi mo ipinagkait ang hiling ng kaniyang mga labi.
V. Yamang sinalubong mo siya ng mabubuting pagpapala:

V. Posuísti in cápite ejus corónam de lápide pretióso.

V. Pinutungan mo siya sa kaniyang ulo ng isang koronang dalisay na ginto.

EBANGHELYO • Mt 11:25-30

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesus: "Ama, Panginoon ng langit at lupa, salamat sa iyo, sapagkat inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at inihayag mo naman sa mga may kaloobang tulad ng sa bata. Oo, Ama, sapagkat ganoon ang nais mo. Ibinigay na sa akin ng aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga pinili ng Anak na pagpahayagan niya. Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok at matuto kayo sa akin sapagkat ako'y maamo at may mababang loob. Makakatagpo kayo sa akin ng kapahingahan sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang pasaning ibibigay ko sa inyo." — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

▪ *May Credo o Sumasampalatyá.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 44:17

CONSTITUES eos príncipes super omnem terram : mémoires erunt nóminis tui, Dómine.

HINIRANG Mo silang mga tagapangasiwa sa buong sandaigdigan: at lagi nilang maalala ang Iyong ngalan, Poong Mahal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HÓSTIAS tibi, Dómine, quas nómini tuo sacrándas offérimus, sancti Matthíæ Apóstoli tui prosequátur orátio : per quam nos expiári fácias et deféndi. Per Dóminum.

O PANGINOON, samahan nawa ng mga panalangin ng iyong Apostol na si San Matias itong aming mga alay na inihahandog sa Iyo at gagawing banal sa Iyong ngalan: sa bisa nito'y nawa'y maipagkamit sa amin ang pagpapatawad Mo't paglingap sa tuwina. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...